Republic of the Philippines
**DEPARTMENT OF EDUCATION**
Region IX, Zamboanga Peninsula
**SCHOOLS DIVISION OF ZAMBOANGA DEL NORTE**
Dipolog City 7100

RECORDS SECTION
DepED, Division of Zambo. Norte
NOV 0 9 2018
Date: ______ By: ______
RELEASED

To : Public Schools District Supervisors
Elementary & Secondary School Heads
Araling Panlipunan Teachers

Attached is a communication from the Commission on Higher Education and from the Association of ADHIKA ng Pilipinas, Inc., relative to their invitation to the 29th National Conference " Asosasyon ng mga Dalubhasa, May- Hilig at Interes sa Kasaysayan ng Pilipinas ( ADHIKA), Inc. which will held on November 28-30, 2018 at Jose Rizal Memorial State University –Main Campus, Dapitan City, Zamboanga del Norte.

Attention is hereby invited on paragraphs 1, 2 and 3.

For immediate and widest dissemination.

**PEDRO MELCHOR M. NATIVIDAD, CSEE**
Schools Division Superintendent

# ADHIKA ng Pilipinas, Inc.

Asosasyon ng mga Dalubhasa, May-Hilig at Interes sa Kasaysayan ng Pilipinas

RECORDS SECTION
DepED, Division of Zambo. Norte
NOV 0 7 2018 772
Date: By:
RECEIVED
8:12

PAMUNUANG LUPON
2017-2019

Vicente C. Villan, PhD
Pangulo

Randy M. Madrid, PhD
Pangalawang Pangulo-
Usaping Panloob

Raina Abaya-Ulindang, PhD
Pangalawang Pangulo-
Usaping Panlabas

Kristoffer R. Esquejo
Kalihim

Bella A. Saulog
Ingat-Yaman

Marife P. Varela
Auditor

Mga Direktor
Ma. Florina Orillos-Juan, PhD
Lloyd B. Ranises
Joel S. Regala

Tanggapan:

Department of History
Rm. 2104, Pavilion 2
Palma Hall, UP Diliman,
Quezon City 1101

2 Oktubre 2018

**Sa Pangulo at Dekano ng Kolehiyo at Pamantasan,
Superbisor ng Araling Panlipunan at mga Punong Guro,
Propesor at mga Guro**

Pagbati!

Ang Adhika ng Pilipinas, Inc. ay isa sa mga nangungunang samahang pangkasaysayan sa Pilipinas. Sa darating na ika-28 hanggang 30 ng buwan ng Nobyembre 2018, magsasagawa po ng tatlong araw na kumperensya ang Adhika ng Pilipinas, Inc. na may tema sa ngayong *"Tambayayong*: Kabayanihan sa Kasaysayan at Kalinangang Pilipino." Isasagawa po ito sa Jose Rizal Memorial State University – Main Campus sa Lungsod ng Dapitan, Zamboanga del Norte. Nilalayon ng kumperensyang ito na:

1. Maipakikita sa pangkalahatan ang diskurso o talastasang akademiko kaugnay sa kasaysayan at kalinangang Pilipino ng kabayanihan – pakikiisa, pagtutulungan, at pagdadamayan;

2. Matukoy ang mga bago at napapanahong pananaliksik kaugnay sa pagsisiyasat sa Pilipinong idea ng pakikiisa, pagtutulungan, at pagdadamayan pati na maging ang mga alternatibong paksain, batis, at larangan ng pagsusuri kaugnay sa kabayanihan; at

3. Masiyasat ang ilang halimbawa sa pagpapayaman ng istratehiya—nilalaman, kaparaanan, at tunguhin—sa pagtuturo ng mga asignaturang may kinalaman sa kapaligiran, kasaysayan, araling panlipunan, at buhay at ilang mahalagang akda ni Gat Jose Rizal.

Nagkakahalaga ng P3,500.00 ang kabuuang babayaran ng lalahok bilang gugol para sa kit, nakalimbag na programa, komplimentaryong lathalain, tatlong (3) tanghalian at anim (6) na meryenda para sa tatlong araw na kumperensiya. Hindi po kasama rito ang bayad sa akomodasyon at lakbay-aral.

Kaugnay nito, malugod pong inaanyayahan namin kayo, sampu ng inyong mga kasamang guro na lahukan ang nasabing kumperensya na makakatulong para sa kasanayan at ikauunlad ng mga guro na walang dudang magagamit nila ang kaalamang matutuhan sa kanilang pagtuturo.

Nakalakip sa liham na ito ang CHED Endorsement, Programa, Talaan ng Kokontakin, at Talaan ng mga Hotel na maaaring matutuluyan ng mga kalahok. Sinisikap din po sa ngayon ng Lupon na makakuha ng CPD Units mula Professionals Regulatory Commission na ipagbibigay-alam din sa inyo bago ang kumperensya sa buwan ng Nobyembre ng taong kasalukuyan.

Para sa iba pang detalye na inyong kailangan, maaari kaming i-email sa [illegible], kris_esquejo@yahoo.com o tumawag / magtext sa 09179697023 / 09151361986.

Marami pong salamat.

Sumasainyo,

**Vicente C. Villan, Ph.D**
Pangulo

Republic of the Philippines
OFFICE OF THE PRESIDENT
**COMMISSION ON HIGHER EDUCATION**

**KALATAS MULA SA OPISINA NG TAGAPANGULO**

| | | |
|---|---|---|
| **PARA SA** | : | **LAHAT NG TAGAPAMUNO NG SENTRAL AT MGA PANREHIYONG TANGGAPAN NG KOMISYON**<br>**LAHAT NG PRESIDENTE/ TAGAPANGULO NG MGA PAMPUBLIKO AT PRIBADONG KOLEHIYO AT UNIBERSIDAD** |
| **PAKSA** | : | **PARTISIPASYON SA IKA-29 PAMBANSANG KUMPERENSYA NA INORGANISA NG ASOSASYON NG MGA DALUBHASA, MAY-HILIG AT INTERES SA KASAYSAYAN NG PILIPINAS (ADHIKA), INC. AT GAGANAPIN SA IKA-28-30 NG NOBYEMBRE** |
| **PETSA** | : | Ika-25 ng Mayo 2018 |

Alinsunod sa mga partikular na probisyon ng *Republic Act (R.A.) No.* 7722, na kilala rin bilang *"Higher Education Act of 1994"*, malugod na iniendorso ng Tanggapang ito ang nasabing aktibidad na inorganisa ng Asosasyon ng mga Dalubhasa, May-Hilig at Interes sa Kasaysayan ng Pilipinas (ADHIKA) para sa suporta at partisipasyon ng mga kinauukulan sa mga aktibidad at programa kaugnay ng gawaing ito.

Ang seminar na ito ay bukas sa lahat ng mga guro mula sa iba't ibang unibersidad at kolehiyo. Ang pakikilahok ng mga opisyal, empleyado o estudyante mula sa mga pribadong kolehiyo at unibersidad ay BOLUNTARYO. Samantala, ang sinomang opisyal o empleyado ng mga pampublikong kolehiyo at unibersidad na nagnanais lumahok sa nasabing aktibidad ay pinaaalalahanan sa wastong paggamit ng pondo ng gobyerno alinsunod sa *Department of Budget and Management (DBM) National Budget Circular (NBC) No. 563*.

Para sa iba pang detalye at impormasyon, maaring makipag-ugnayan sa mga tagapag-organisa sa numerong [illegible] sa email address vlevillan@yahoo.com
09204052555

Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng kalatas na ito.

**J. PROSPERO E. DE VERA III, DPA**
Panunumparang Pinuno
Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon

2018-019-004-093-adhika